OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 11/26/24 Time: 8:40

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-106

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG. 001, S-2024 NG BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG LAANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET NO. 1*) PARA SA TAONG 2024 NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN TATLUMPU'T WALONG LIBO, LIMANG DAAN LIMAMPU'T PITONG PISO AT SIYAMNAPU'T WALONG SENTIMO (₱238,557.98)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Tanawan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng ₱238,557.98;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Tanawan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing kautusan ng Barangay Tanawan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 001, S-2024 ng Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget No. 1*) para sa taong 2024 na nagkakahalaga ng Dalawang Daan Tatlumpu't Walong Libo, Limang Daan Limampu't Pitong Piso at Siyamnapu't Walong Sentimo (₱238,557.98).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-21 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA**
ABC President

**Kyle Gabrielle DR. Navarro**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-21 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim